



# PAMBANSANG BADYET

## ISANG BADYET PARA SA TUNAY NA PAGBABAGO

Isang Badyet para sa at ng sambayanan, ang Badyet ng 2017 ay namumuhunan sa mga programa at proyektong tutulong sa pagsasakatuparan ng kolektibong adhikain ng mga Filipino.

Ang mga pangunahing priyoridad na gastusing susuporta sa Planong Pagpapaunlad ng Pilipinas sa 2017-2022 ay ang sumusunod:

### PAGTATAGUYOD SA GUMAGANA AT MAPAGKALINGANG KALIGIRANG PANGKABUHAYAN

#### Mabisang Patakarang Makroekonomiko



Pangako ng Administrasyong Duterte na patuloy na pauunlarin ang paglagong ekonomiko ng bansa, pangasiwaan ang inflation rate, bawasan ang antas ng kahirapan mula 26.3% noong 2015 tungo sa 14% sa 2022.

#### Patakarang sa Pambansang Kompetisyon

Para maitaas ang pangkalahatang pagkakompetitibo ng bansa, nilalayan ng pamahalaan na mabawasan ang kriminalidad at higit na mapadali ang pakikipagtransaksiyon sa pamamagitan ng pagbabawas ng red tape at korupsiyon.

#### Iskor ng Global na Pagkakompetitibo

Taon	2016	2017	2018	2019
Index para sa Pagkakompetitibong Global	4.36 (top 40%)	>4.36	>4.40	>4.50 (top 33%)

Sources: World Economic Forum, Philippine Development Plan 2017-2022

### PAGPAPATAAS NG POTENSIYAL PARA SA PAG-UNLAD ("KAUNLARAN")

#### Pagpapataas sa Demograpikong Dibidendo



**PHP4.27 bilyon**

ay inilaan para sa Responsible Parenthood Program upang matugunan ang lumalagong populasyon ng bansa na ngayon ay 100.98 milyon (2015) mula 92.34 milyon noong 2010.

#### Pagtataguyod ng Teknolohiya at Inobasyon



**PHP21.0 bilyon**

ay para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya upang mapalakas ang pagiging kompetitibo ng bansa sa pamamagitan ng agham at teknolohiya, na gagamitin ang PHP 1.3 bilyon para sa modernisasyon ng PAGASA.

### PAGBABAWAS SA MGA DI-PANTAY NA OPORTUNIDAD PARA SA PAG-UNLAD NG EKONOMIYA ("PAGBABAGO")

#### Pagbabawas sa mga Di-pantay na Oportunidad para sa Pantáong Pag-unlad



**PHP158.3 bilyon**

ang inilaan para sa sektor pangkalusugan. Mula sa halagang ito, PHP26.1 bilyon ay para sa mga programang pangkalusugan na pamigil at pagpalaganap, PHP24.2 bilyon ang para sa mga Programang Pagpapabuti ng mga Pasilidad Pangkalusugan, at ang PHP53.2 bilyon ang para sa Programang Pambansang Seguridad Pangkalusugan.



**PHP663.2 bilyon**

ay ipinagkaloob para sa sektor pang-edukasyon upang matulungan ang batayang edukasyon (PHP568.4B), edukasyong tersiyarya (PHP83.97B), at edukasyong teknikal-bokasyonal (PHP6.8B).

#### Pagpapalawig ng mga Oportunidad Pangkabuhayan sa Agrikultura, Kagubatan, at Pángisdaan



**PHP108.4 bilyon**

ay inilaan para sa agrikultura, kagubatan, at pangisdaan upang madagdagan ang pagkaproduktibo ng mga magsasaka at mga mangingisda at matiyak ang seguridad ng pagkain.

PHP38.4 bilyon ay para sa Pambansang Pangasiwaan sa Patubig upang mapatubigan ang:



886,067 ektarya (tag-araw)



977,496 ektarya (tag-ulan)

#### Pagpapatatag sa mga Indibidwal at Pamilya



**PHP166.4 bilyon**

ay isinantabi para sa pangangalagang panlipunan. PHP78.2 bilyon nito ay inilaan para sa Conditional Cash Transfer Program para sa benepisyo ng 4.6 milyong sambahayan.

## PAGPAPABUTI NG INTEGRIDAD PANLIPUNAN (“MALASAKIT”)

### Episyenteng Serbisyo Publikong Nakasentro sa Mamamayan



Upang makatulong sa mabisang pangangasiwa ng pananalaping publiko, nagdedevelop ang pamahalaan ng isang Budget and Treasury Management System upang makakolekta at maiayos ang pampamahalaang pampananalaping impormasyon.



Makokompleto at mailalabas ngayong taon ng 100% ahensiya sa ilalim ng Sangay Ehekutibo ng pambansang pamahalaan ang Freedom of Information Manual.

### Mabilis at Patas na Paggagawad ng Katarungan



**PHP16.6 bilyon**

ay inilaan para sa Kagawaran ng Katarungan upang magsiyasat at pagpasiyahan ang 325,000 mga reklamong kriminal at umaksiyon sa 17,000 kahilingan para sa serbisyong legal, kabilang sa iba pa.



**PHP32.8 bilyon**

ay para sa Hudikatura. Kabilang ang PHP1.1 bilyon para sa Enterprise Information System Plan, upang maitatag ang mga eCourt na makababawas sa discretion points at manwal na interbensiyon upang pag-ibayuhin ang transparensi at pagiging patas.

### Pagtitiyak sa Integridad ng Ekolohiya tungo sa Malinis at Malusog na Kapaligiran



**PHP15.8 bilyon**

ay inilaan para sa National Disaster Risk Reduction and Management Fund para sa agarang tulong sa sakuna, pagbabalik sa normal na kalagayan, at rehabilitasyon.

**PHP6.0 bilyon**

Quick Response Fund upang mabilis na maibalik sa normal ang mga kondisyon sa mga lugar na sinalanta ng kalamidad

**PHP1.0 bilyon**

Pagpapaseguro ng mga pasilidad ng pamahalaan para sa mga natural na kalamidad

## MGA PUNDASYON PARA SA INKLUUSIBO AT LIKAS-KAYANG PAG-UNLAD

### Seguridad at Kaayusang Publiko

Matutupad lamang ang likas-kayang pag-unlad kapag may kapayapaan at kaayusan. Upang makamit ito, dinagdagan ng pamahalaan ang badyet ng sumusunod:



Pambansang Pulisya ng Pilipinas

- 2017: PHP111.8 bilyon
- 2016: PHP88.6 bilyon




Sandatahang Lakas ng Pilipinas

- 2017: PHP177.2 bilyon
- 2016: PHP161.1 bilyon

### Kapayapaan at Kaunlaran

**PHP8.1 bilyon**



ay inilaan para sa Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA) upang magkaloob ng interbensiyon sa pag-unlad sa mga lugar na malayo at apektado ng hidwaan, sa pagsuporta sa pagtatatag ng kapayapaan at kaunlaran.



Pampamayanang impraestruktura



Elektripikasyon



Kalsada mula bukid hanggang palengke



Irigasyon

### Pagpapaunlad ng mga Impraestruktura



Sa unang pagkakataon, ang mga gastusin para sa impraestruktura ay umabot sa 5.3% ng GDP na katumbas ng PHP847.2 bilyon. Ito ay 25% ng kabuoang Pambansang Badyet.



Transportasyong Pangkalsada



Transportasyong Panriles



Transportasyong Panghimpapawid



Transportasyong Pandagat

**PHP347.8 bilyon**

**PHP22.1 bilyon**

**PHP6.8 bilyon**

**PHP4.2 bilyon**



Inihanda ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala – Serbisyong Pang-impormasyon sa Badyet at Pagsasanay at isinalin sa wikang Filipino ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)